

22. O Diyos, dalangin namin na ang pangkat ng Finnish TWR Women of Hope ay makahanap ng mga pamamaraan upang ang mga mas batang henerasyon ay maging interesado at makiisa sa pananalangin para sa mga kababaihan sa buong mundo. (Joel 1:3)

23. Dalangin namin ang mga kababahang Danish na minamaliit, naabuso at nahahantong sa lansangan na walang ibang mapuntahan. O Diyos, nakikita mo ang mga nagdurusa ng hindi dapat, at tiwala po kami na ang kanilang pagdurusa ay magiging bahagi ng iyong walang hanggang layunin at para sa iyong kapurihan. (Gen. 16:13)

24. Panginoon, bigyan mo nawa ng karunungan at inspirasyon ang pangkat ng TWR Women of Hope sa Romania upang makalikha ng mga programa na makapagbabago sa mga buhay ng mga kababaihan at makapagpupuri sa iyo. (Heb. 13:21)

25. Ama namin sa langit, dalangin namin na bigyan mo nawa ng pag-asa, kagalingan at kaaliwan ang dumaraming mga pamilya sa Serbia na hindi magkaanak. Aliwin mo nawa sila sa pamamagitan ng pagkakataon na makapag- ampon o kaya ay sa pagtulong sa mga napabayaang kanilang sariling mga magulang. (Awit 113:9)

26. Mahal naming Diyos, dalangin namin na ang mga Roma na bata sa Bulgaria ay maisama sa kanilang mga eskuwelahan sa paraang makapagbibigay sa kanila ng mga kasanayan sa buhay na hindi pipilita sa kanila na baguhin ang kanilang mga kultura't pagkakakilanlan at makapagbibigay sa kanila ng parehong oportunidad na maabot ang tagumpay. (Exod. 22:21)

27. Ama, putulin mo nawa ang gapos ng adiksiyon sa alkohol at hashish sa Greenland. Ang kasamaang iyo ay dahilan ng mga pagkakakulong, mga pagpaslang, at pagpapakamatay. Makasumpong nawa sila ng kalayaan sa iyo. (Efeso 5:18)

28. Panginoon, dalangin namin na magtaguyod ka nawa ng mga tang Kristiyanong magiimpluwensiya sa Sweden na maaaring umabot sa mga ibang kabataan sa pamamagitan ng iyong mensahe ng pag-asa para sa kinabukasan. (Efeso 5:29)

29. O Diyos, dalangin namin ang pantay na mga karapatan at suweldo para sa mga lalaki at babae sa Portugal. Tulungan mo nawa sila na balansehen ang kanilang mga responsibilidad sa trabaho at sa kanilang pag-aruga sa kanilang mga tahanan at anak. (1 Tim. 3:5)

30. Ama, protektahan at gabayan mo nawa tungo sa kalayaan ang bawat babae sa Europe na biktima ng *human trafficking*. Nawa ang *Hidden Treasures* na mga programa ay makatulong sa mga tagapakinig na mapagtanto ang kanilang halaga sa paningin ng Diyos. Bigyan mo nawa ng karunungan ang mga *content creators*, at inspirasyon mula sa iyong Espiritu. (Awit 139:14)

31. O Diyos, hipuin mo nawa ang mga buhay ng mga tao na nakikinig sa mga programa ng Romanian *Women of Hope* sa Moldova. Magsugo ka nawa ng mga magboboluntaryo sa pangkat na ito upang makatulong sa paglago ng gawain doon. (Awit 51:10)

후원안내
국민은행 851-01-0003-724 북방선
교방송



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2022. 03. Mga Panalangin para sa European Women 1

Ang Europa ay binubuo ng 45 mga bansa na may iba't ibang kultura at wika. 72% ng mga Europeo ay mga Kristiano, 7% ay Muslim at 20% ay walang relihiyon. Ang Women of Hope ay nagsisikap na pagyamanin ang sumusunod na henerasyon ng mga tagapamunong Kristiano sa pamamagitan ng pagsasahimpapawid ng programa, pagpapayo at pagsasanay sa pangunguna. Idalangin natin na nawa ang mga Europeo ay maging tunay na mga mananampalataya na naglilingkod kay Cristo bilang kanilang Panginoon, at hindi lamang "Kristiano sa papel".

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, dalangin namin ang mga tao sa Croatia na mga Petrinja, Glina at Sisak na nakaranas ng lindol noong Disyembre 2020. Marami ang mahihirap, nanlalamig at nakatira sa mga container na halos walang tulong na natatanggap mula sa labas. (Mga Awit 40:17)

2. Halos isang-katlong bahagi ng Italian na mga kababaihan ay nakaranas na ng seksuwal o pisikal na pang-aabuso, at karamihan ay natatakot itong ipagbigay alam. Ama, dulutan mo nawa ng kagalingan ang mga kababaihang ito at ng tunay na pagbabago ang mga puso at isip ng mga gumagawa ng mga ganitong krimen. (Deut. 31:6)

3. O Diyos, magtalaga ka po nawa ng mga magboboluntaryo sa Russia para buwanang bisitahin ang mga Muslim na pamilya at alukin silang maging kaibigan ay ibahagi si kristo. Nawa'y hindi matakot ang mga Muslim na mga kababaihan sa kanilang asawa sa halip ay maging bukas nawa sa mga pagbisita sa kanila at kay Hesus (Kawikaan 29:25)

4. Panginoon, dalangin namin ang pangkat ng TWR Women of Hope sa Spain na nagsisipaggawa para sa produksiyon ng *Hidden Treasures*. Ihanda mo nawa ang mga puso ng mga kababaihan na biktima ng *trafficking* upang kanilang mapakinggan ang iyong pag-ibig. (Rom. 5:8)

5. Isang-katlo ng mga Bulgarian na mga kababaihan ay naging biktima karahasan sa kanilang tahanan. Protektahan at aliwin mo po nawa ang mga kababaihang ito, Ama, at magkaloob ka nawa ng paraan para sila ay makatakas sa ganitong kalagayan at ng lugar kung saan makatatanggap sila ng tulong upang hindi sila magdusa na lamang sa katahimikan at takot. (1 Cor. 10:13)

6. O Diyos, dalangin namin ang revival para sa mga Danes upang kabniling makita ang kanilang pangangailangan kay Hesus bilang kanilang Tagapagligtas. Dalangin namin na maging kasangkapan mo nawa ang Norea Media Mission para madala ang ebanghelyo sa mga Danish. (Rom. 13:11)

7. Panginoon, dalangin namin ang mga Roma na nakatira sa Serbia. Tulungan mo nawa sila na makapanatili sa eskuwelahan para makahanap sila

ng magandang trabaho at makaahon sa kahirapan. Dalangin din namin na ang nakagawiang *underage marriages* sa pagitan ng mga lalaki at mga babaeng roma ay matigil na. (1 Sam. 2:8)

8. Ama, tinawag mo kami bilang mga mananampalataya na kabahagi ng komunidad kaysa mabuhay ng pansarili lamang. Magdulot ka nawa ng pagbabago sa mga puso nila sa Netherlands at sa mga nasa Western na mga bansa na malayo sila mula sa *extreme individualism* tungo sa kapakumbaaan at pagpapahalaga sa iba. (Fil. 2:3)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.

Website: www.twrphilippines.com

Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660

Facebook: TWR Phils

9. Purihin ang Diyos para sa apat na bagong Finnish TWR Women of Hope na grupo ng mga tagapanalangin na nagsimula nitong 2021 sa kabila pagpapatuloy ng mga lockdown. Salamat panginoon na ang bilang ng mga tagapanalangin sa Finland ngayon umabot na sa 111. (1 Thess. 5:17)

10. Ama, dalangin namin na tulungan mo nawa ang mga kababaihang Kristiyanong kababaihan na maging mga mabuting halimbawa sa kanilang mga anak at tumugon sa mga hamon sa kanilang mga buhay ayon sa iyong kalooban. (Kawikaan 22:6)

11. Noong 2021, isang German na Talambuhay tungkol kay Marli Spieker, na nagsimula ng TWR Women of Hope, ay nailathala. Nawa ay marami ang makabasa sa libro, matuklasan ang tungkol sa gawaing ito at makiisa. (Gawa 6:7)

12. Ama, nawa ang mga walang asawang mga kababaihan sa Norway ay maramdaman nilang sila'y iniibig at pinahahalagahan at makasumpong ng layunin sa kanilang kalagayan at ng gampanin sa sa simbahan at komunidad. (1 Juan 4:19)

13. Panginoon, marami sa France ay hindi naisasabuhay ang kanilang pananampalatayang Kristiyano at kalahati ng populasyon ay ni hindi naniniwala sa iyo. Nawa'y maisabuhay ng mga mananampalataya ang kanilang pananampalataya sa salita at sa gawa. (1 Pedro 2:12)

14. O Diyos, gabayan mo nawa ang pangkat ng TWR Women of Hope sa Portugal na makagawa pa ng maraming programa ayon sa kasalukuyang tema na nadisenyo para mga kababaihan doon. Hipuin Mo nawa ang kanilang mga buhay, baguhin at akayin mo nawa sila sa tunay na pagkakilala kay Hesus. (Gawa 4:12)

15. Ama namin sa langin, hiling po namin ang iyong gabay at inspirasyon para sa pangkat ng TWR Women of Hope sa Poland sa kanilang pagtataguyod ng gawain at paglikha ng mga programa. (2 Pedro 1:21)

16. O Diyos, idinadalangin namin ang mga batang babae sa Sweden na dumaranas ng *identity crises*. Tulungan mo nawa sila na makahanap ng tulong at kanilang masumpungan ang tunay na pagkakakilanlan sa iyo. (2 Cor. 5:17)

17. Panginoon, itinataas namin sa panalangin ang mga bagong kababaihan lider sa gawain ng TWR sa Ukraine. Dalangin namin ang karunungan at gabay para sa buong pangkat at para susunod na yugto ng gawain doon. (Awit 25:4-5)

18. Dalangin namin ang mga Kristiyanong mga kababaihan na naglilingkod sa iyo sa Greenland. Marami sa kanila ang nakaranas ng pagdurusa sa kanilang kabataan at nangangailangan ng kagalingan mula sa *trauma* na kanilang dinanas. (Awit 147:3)

19. Higit sa kalahati ng lahat ng kababaihang Albanian ang makararanas ng *domestic violence* sa kanilang buhay. Ama, akayin mo nawa sila sa iyong kaligtasan at kagalingan. Nawa ang mga nagtataguyod ng mga bahay-silungan para sa kanila ay mapuspos ng iyong pag-ibig at karunungan para sa mga napasasakitang kababaihang ito. (Jer. 17:14)

20. O Diyos, bigyan mo nawa ng lakas at karunungan ang mga nagsasalin ng prayer calendar sa Faroe Islands. Nawa ang mga tagapanalangin doon ay nasain ang malapit na relasyon sa iyo. (kawikaan 2:6)

21. Ama, hiling namin ang pagkakaisa para sa mga iglesiya sa Switzerland. Sa tulong mo, maayos nawa nila ang anumang hindi pagkakaintindihan at manatiling sa ebanghelyo ang kanilang tuon. (1 Cor. 1:10)